

Taon XXXV Blg. 16 Agosto 21, 2004 www.philippinerevolution.org

Editoryal

Makatao ang pangangalaga ng BHB sa mga prisoner of war

pinamalas ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ang mataas na disiplina bilang rebolusyonaryong hukbo sa kakayahan nitong mahusay na alagaan ang mga bihag ng digma (POW o prisoner of war) at sa ligtas at maayos na pagpapalaya sa kanila nitong Agosto 18.

sa kanila nitong Agosto 18.

Sa loob ng halos anim na buwan, inalagaan at iginalang ng Romulo Jallores Command (RJC) sina Lt. Ronaldo Fidelino at Pfc. Ronnel Nemeño

alinsunod sa mga ali-

tuntunin ng BHB,

mga batas ng rebo-

lusyonaryong gubyernong bayan, mga kaukulang probisyon ng Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL) at

mga pandaigdigang alituntunin sa digmaan kabilang ang Geneva Conventions.

Matapos sila mabihag, inilinaw agad ng RJC kina Fidelino at Nemeño ang kanilang mga karapatan alinsunod sa mga alituntunin ng BHB. Sa abot ng nakaya ng RJC, tiniyak nito na maayos ang kalusugan, pagkain at kundisyon ng dalawa sa lahat ng pagkakataon. Sinikap din ng RJC na agad silang mapalaya.

Ang makataong pagtrato ng BHB sa mga POW ay taliwas sa patakaran at gawi ng teroristang imperyalismong US at rehimeng Arroyo na walang pakundangang lumalapastangan sa mga karapatang-tao at sa mga batas ng digmaan.

Ang mga Pulang mandirigmang hors de combat (wala na sa katayuang lumaban) na nahuhuli ng

AFP sa labanan ay karaniwang tinotoryur at tuluyang pinapatay. Ang
mga binubuhay ay itinuturing at tinatratong parang hayop. Sinasampahan
sila ng mga kasong kriminal
at ilang taong ibinibimbin sa
mga di makataong kundisyon
sa loob ng masisikip na kulungan.

Ang mahusay na pangangalaga at maayos na pagpapalaya ng BHB sa mga POW ay isang

aktong taliwas sa terorismo. Alin-

Mga tampok sa isyung ito...

Mahigit 100 kaso, isinampa sa JMC PAHINA 3 Sistematikong pagsisinungaling ng AFP

PAHINA 5

Panunuhol at pambabraso sa WTO

PAHINA 8

sunod ito sa layuning gawing sibilisado at makatao ang kondukta ng kasalukuyang digmaang sibil sa Pilipinas at ipatupad ang mga alituntunin at patakarang halaw sa kasaysayan ng digmaan sa buong mundo.

Sa pagsulong ng digmang bayan, tiyak na mayroon pang ibang tauhan ng AFP at PNP na mabibihag ng BHB. Katulad ni Fidelino at Nemeño, ang iba pang mga mabibihag ng BHB ay tatamasa ng mga karapatan bilang mga POW.

Tinitiyak ng BHB sa lahat ng mga sundalo at pulis na gagalangin ang kanilang mga karapatan kung sakaling mabihag sila sa labanan. Kung kaya't mas mabuti pa para sa kanila ang kusang sumuko kung masukol sila sa labanan kaysa isapanganib ang kanilang buhay para sa digmang nagsisilbi lamang sa interes ng bulok at mapangaping naghaharing sistema.

Bibigyang-katiyakan din ng BHB ang maagap na pagpapalaya sa lahat ng nabibihag nito hangga't wala silang mabibigat na kasalanan sa mamamayan.

Ang isinagawang pagpapalaya ng BHB sa mga POW ay bahagi ng mga obligasyon nitong nakasaad sa CARHRIHL, ang kasunduang pinirmahan ng NDF at ng GRP (Gubyerno ng Republika ng Pilipinas).

Inaasahan ng mga rebolusyonaryong pwersa at ng sambayanang Pilipino na ang pagpapalaya sa mga POW ay tutumbasan ng GRP ng pagpapalaya sa mga bilanggong pulitikal at pagtupad sa iba pang mga obligasyon nito sa usapang pangkapayapaan.

Tagumpay ang maayos at ligtas na pagpapalaya sa mga bihag ng digma

Maayos at ligtas na napalaya ng Romulo Jallores Command (RJC) ng Bagong Hukbong Bayan(BHB)-Bikol ang mga bihag ng digma na sina Lt. Ronaldo Fidelino at Pfc. Ronnel Nemeño nitong Agosto 18 sa Presentacion, Camarines Sur.

Ang utos para sa pagpapalaya sa mga POW ay pinirmahan ni Kasamang Luis Jalandoni, pinuno ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) negotiating pa-

Ang proseso ng pagpapalaya sa mga POW ay pinagkasunduan ng mga negotiating panel ng GRP (Government of the Republic of the Philippines) at ng NDFP. Sa pamamagitan ng negosasyon, sumangayon ang GRP na iutos nito sa Armed Forces of the Philippines (AFP) at Philippine National Police (PNP) ang suspension of offensive military and police operations (SOMO/SOPO) sa mga prubinsya ng Camarines Sur at Albay.

Rekisito ang SOMO/SOPO sa ligtas at maayos na pagpapalaya sa mga POW. Ang kautusan para sa SO-MO/SOPO ay pormal na inianunsyo ng GRP noong Agos-

> to 16 sa pamamagitan ni Kongresman Rolando Andaya Jr. Si Andaya ang nagsilbing upisyal na negosyador ng rehimen.

> Malaon na sanang napalaya sina Fidelino at Nemeño kung hindi lamang sa pagmamatigas ng AFP at PNP. Katunayan, tatlong araw matapos silang mabihag, ipinahayag ng BHB ang kahandaang sila'y palayain.

> Noon pang Abril 2 unang nakatanggap ang NDF ng pormal na sulat mula sa GRP negotiating panel na humihiling ng pagpapalaya sa dalawa. Inihapag ang bagay na ito sa ikawalang round ng usapang pangkapayapaan noong Abril 2004

"Pagpapalaya...," sundan sa pahina 3

Nilalaman

Taon XXXV Blg. 16 Agosto 21, 2004 Editoryal

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wi-kang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligay-non, Waray at Ingles.


Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

www.philippinerevolution.org
Tumatanggap ang Ang Bayan ng
mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang
mga mambabasa na magpaabot ng
mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot
kami sa pamamagitan ng email sa:
angbayan@yahoo.com

Makataong pagtrato sa mga POW 1
Ligtas na pagpapalaya sa mga bihag 2
Mga kaso, isinampa sa JMC 3
Usapang pangkapayapaan 5
Pagsisinungaling ng AFP 5
Rebolusyonaryong peryodismo 7
Panunuhol at pambabraso sa WTO 8
Kaguluhan sa Sudan 9
Balita 10

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

Mahigit 100 kaso, isinampa sa JMC



ahigit 100 kaso na ng paglabag sa karapatang-tao ang naisampa sa Joint Monitoring Committee (JMC) nitong Hulyo laban sa mga armadong pwersa ng GRP. Sangkot sa halos 90% ng mga kasong ito ang mga pwersang militar at pulis. Sa kabilang banda, wala pang kahit isang kasong natatanggap ang JMC laban sa BHB.

Sa isang porum ng Pilgrims for Peace at Karapatan, iniulat ni Atty. Edre Olalia, *legal consultant* ng NDFP Nominated Section ng JMC Joint Secretariat, na ang mahigit isang daang reklamong ito ay kinabibilangan ng 3,333 paglabag sa karapatang-tao at may mga biktimang mahigit 100,000. Kabilang sa mga kaso ang iligal na pang-aaresto, pananalbeyds, masaker at pagdukot na kagagawan ng mga elemento ng militar at pulisya.

"JMC...," sundan sa pahina 4

"Paqpapalaya...," mula sa pahina 2

sa Oslo, Norway. Pumayag noon ang GRP na ipatupad ang SO-MO/SOPO sa mga prubinsya ng Camarines Norte, Camarines Sur, Albay at Sorsogon. Hiniling lamang nilang ilihim sa publiko ang kautusang ito.

Hindi ipinatupad ng GRP ang sariling SOMO/SOPO sa panahong ito. Wala ring ipinaabot na dahilan ang GRP. Pagsapit ng Hulyo, muling inihapag ng GRP sa negosasyon ang pagpapalaya ng mga POW. Sa muli, hiniling nito na ilihim ang deklarasyon sa midya.

Pormal na binigyan ng GRP ang NDFP ng kopya ng internal na memorandum na pinirmahan ni Lt. Gen. Edgardo Batenga, Undersecretary for Armed Forces Operations ng Department of National Defense (DND). Ayon sa memoradum na may petsang Hulyo 28, inaprubahan ni Arroyo ang 20araw na SOMO/SOPO na magsisimula sa Hulyo 27 at sasaklaw sa mga prubinsya ng Albay at Camarines Sur. Madiin si Batenga na hindi aamin ang AFP na pumayaq ito sa paqpapatupad ng SO-MO at sa pagpapalaya sa mga bihaq.

Ngunit nagpatuloy ang mga operasyong militar ng AFP, taliwas sa idineklarang SOMO/SOPO. Matigas na itinanggi ng kanilang mga tagapagsalita ang sariling deklarasyon. Nakatanggap ang RJC ng mga ulat na mula Hulyo 27, nagpapatuloy ang operasyon ng AFP sa Oas, Albay, sa Lupi, Camarines Sur at iba pang lugar.

Nagpumilit ang AFP at PNP na "iligtas" ang mga POW sa pamamagitan ng kanilang mapaminsalang "rescue operations." Labis-labis na karahasan ang dinanas ng mamamayan ng Camarines Sur sa kamay ng 42nd IB. Napakaraming naganap na karumal-dumal na pagpatay, iligal na pag-aresto, pagkulong at pagtortyur, pagna-

nakaw, panggagahasa at pangmomolestya sa kababaihan. Kailangang pagbayaran ng AFP ang grabeng pinsalang idinulot nito sa mamamayan sa Tinambac, Camarines Sur at mga kalapit-bayan.

Dahil sa di pagtupad ng AFP at PNP sa kautusang SOMO/SOPO, napilitan ang BHB-RJC na ikansela ang pagpapalaya sana noong Agosto 7.

Sa muling pakikipagnegosasyon noong ikalawang linggo ng Agosto, iginiit ng NDFP na kailangan nang ilabas sa publiko ang SOMO/SOPO upang tiyak itong maipatutupad. Pumayag lamang dito ang GRP at ang AFP-PNP dalang pagkabunyag nito sa midya at ng matinding presyur mula sa iba't

ibang sektor para sa maagap at ligtas na pagpapalaya sa dalawang bihag.


Bilang katumbas na hakbangin, ang NDFP ay nag-utos sa BHB sa Bikol na ihinto at iwasan ang mga opensibang militar laban sa AFP at PNP sa mga prubinsya ring iyon. Inaasahang magtatagal ito hanggang Agosto 25, pitong araw matapos ang pagpapalaya sa mga POW.



Dagdag na mga kaso

Dalawang magkakahiwalay na kaso ng brutalidad at pagla-pastangan sa mga bangkay ng mga mandirigma ng BHB noong nakaraang buwan ang nakaambang ihapag ng mga grupo sa karapatang-tao sa JMC.

Cavite: Tatlong mandirigma ang natagpuang patay at tadtad ng mga bala noong Hunyo 16 matapos maganap ang isang sagupaan sa pagitan ng isang yunit ng BHB at ng pinagsanib na pwersa ng militar at pulis sa



Patuloy na hinihikayat ng NDFP ang pagsasa-dokumento at pagsasampa ng mga kaso ng paglabag sa karapatang-tao na kagagawan ng AFP, PNP at iba pang armadong pwersa ng rehimen.

Barangay Mabacao, Maragondon, Cavite. Ayon sa Cavite Ecumenical Movement for Justice and Peace (CEMJP), halos di na makilala ang mga bangkay nina Ka Gary, Ka Ivan at Ka Nira nang matagpuan nila ang mga ito sa isang punerarya sa Nasugbu, Batangas. Tadtad ng bala ang mga katawan ng mga biktima at putol ang kanang paa ni Ka Gary.

Zamboanga del Sur: Isang mandirigma ang nasugatan at pinabayaang mamatay ng militar sa isang labanan na naga-

nap sa pagitan ng mga Pulang mandirigma at ng 10th IB sa Barangay Maya-maya, Tambulig, Zamboanga del Sur noong Hunyo 15. Ayon sa imbestigasyon ng Karapatan-Western Mindanao, tinortyur bago iniwan upang mamatay si Rey Gulane (Ka Titing), 32. Tinapyas din ng mga sundalo ang kanyang kanang tainga. Hinukay ng mga kasapi ng Karapatan at mga kamag-anak ni Gulane ang kanyang mga labi noong Hunyo 16 at dinala sa upisina ng National Bureau of Investigation sa Pagadian City para sa medico-legal examination.

Mga kaso mula sa Cordillera

Isinumite nitong unang linggo ng Agosto ng Cordillera Human Rights Organizations (CHRO) ang unang bungkos ng mga kaso laban sa pang-aabuso ng militar sa Cordillera. Kabilang sa mga ito ang:

* Pagbaril ng mga elemento ng 41st IB kay Bernabe Banguey noong Hulyo 24 sa Abra. Inaakusahan ng militar si Banguey at isa pa niyang kasama na mga kasapi ng BHB. Tinamaan si Banguey sa binti at sa halip na lapatan ng paunang lunas, hinayaan siyang maubusan ng dugo at mamatay.

* Pagpaslang ng mga tropa ng Northern Luzon Command ng Philippine Army kina Etfew Chadya-as sa Mountain Province at Victor Balais sa Pinukpuk, Kalinga noong 2002; at kay Efren Agsayang sa Mankayan, Benguet noong 2003.

Patuloy na hinihikayat ng NDFP ang pagsasadokumento at pagsasampa ng mga kaso ng paglabag sa karapatang-tao na kagagawan ng AFP, PNP at iba pang armadong pwersa ng rehimen.

Pamilya, iligal na ikinulong

Long Hulyo 26 ang walang pakundangang paglabag ng mga pasistang tropa ng AFP sa karapa-

tang-tao ng mga sibilyan, laluna ng mga bata, sa ngalan ng "gerang kontra-terorismo."

a ng ngalan tra-teto sa iligal

Tinukoy nito sa partikular ang iligal na pag-aresto at

pagkulong sa isang pamilya ng maguuling sa mabundok na baryo ng Mabacao, Maragondon, Cavite. Hulyo 13 nang paulanan ng bala ng pinagsanib na pwersa ng Philippine Air Force (PAF) at PNP ang kubong katabi ng bahay ni Isidro Bartolome, isang mag-uuling. Sa kubong ito nakahimpil ang 12 kasapi ng Bagong Hukbong Bayan (BHB).

Tumagal nang isang oras ang labanan sa pagitan ng BHB at militar. Nang umatras ang BHB, hinuli at iligal na ikinulong ng mga tropa ng PAF ang mag-asawang Bartolome at Gemma, at ang mga anak nilang sina Rico, Gemmalyn at Jinggoy. Si Gemmalyn ay apat na taong gulang habang dalawang taong gulang naman si Jinggoy.

Sinampahan ng kasong rebelyon ang mag-amang Bartolome at Rico. Bagamat sugatan si Rico, hindi agad siya dinala sa ospital. Sa halip, dinala siya sa Villamor Air Base kung saan siya ikinulong kasama ang kanyang ama. Walang ibinibigay na tulong medikal kay Rico maliban sa naunang mga pain killer at antibiotics. Wala ring iskedyul kung ooperahan siya upang kunin ang bala sa kanyang katawan.

Sinampahan din ng gawa-gawang kasong rebelyon at ikinulong si Gemma kasama ang kanyang dalawang maliit na anak sa Air Force Base sa Nasugbu, Batangas. Halos isang buwan din silang ipiniit doon.

Usapang pangkapayapaan, ipinagpaliban

INIANUNSYO ng National Democratic Front and pagpapaliban nito sa ikaapat na round ng usapang pangkapayapaan na nakatakdang isagawa nitong Agosto 24-30 sa Oslo, Norway. Ito av dahil sa kabiguan ng rehimeng Arroyo na isakatuparan ang mga obligasyon nito sa una at pangalawang round ng usapan noon pang Pebrero 14 at Abril 3. Kabilang dito ang paggawa ng mga mapagpasyang hakbang upang tanggalin ang pangalan ni Kasamang Jose Maria Sison, ng Bagong Hukbong Bayan at ng Partido Komunista ng Pilipinas sa listahan US ng mga terorista; ang pagpapalaya ng mga detenidong pulitikal at ang kagyat na indemnipikasyon ng mga biktima ng paglabag sa karapatang-tao sa ilalim ng diktadurang Marcos.

Nitong Agosto 15, inianunsyo ng US na mananatili sa kanilang listahan ng mga terorista si Kasamang Sison, ang BHB at PKP. Palagiang mailalagay sa alanganin ang NDFP kung patuloy na ituturing na terorista ang mga alyadong organisasyon at ang senior consultant nito. Patuloy ding ga-

gamitin ng reaksyunaryong militar ang paglilistang ito upang maglunsad ng mararahas na kampanyang militar laban sa mamamayan at rebolusyonaryong kilusan.

Handa ang NDFP na ipagpaliban ang usapang pangkapayapaan upang bigyan ng pagkakataon ang rehimeng Arroyo na ipatupad ang mga kaisahan. Kung patuloy na tatanggi ang rehimen, iminumungkahi ni Kasamang Sison na magbukas ang NDFP sa suspensyon kung hindi man pagbagsak ng usapang pangkapayapaan.

Sistematikong pagsisinungaling ng AFP

Sistematikong naglulubid ng buhangin ang Armed Forces of the Philippines (AFP) upang ilingid sa mamamayan ang tunay na itinatakbo

ng mga armadong labanan sa pagitan nito at ng Bagong Hukbong Bayan (BHB).

Mula noong isang taon, sunudsunod na mga pambabaluktot at pagbabaligtad ang ginagawa ng AFP upang itago ang pabigong landas na tinatahak nito at palabasin kahit sa propaganda man lamang na nakapananaig ito laban sa BHB.

Maituturing na mga disipulo ni Joseph Goebbels ang mga tagapagmanupaktura ng mga pahayag sa midya sa hanay

ng AFP. Ayon kay Goebbels, ang hepeng propagandista ng pasistang si Adolf

Hitler, ang kasinungalingan ay nagiging katotohanan kapag ito'y uulit-ulitin.

Sa kasalukuyan, hindi na kailangang lumayo pa para makakita ng mga bagong Goebbels. Kumakatawan ngayon kay Goebbels ang mga propesyunal na propagandista at mga eksperto sa saywar ng AFP.

Inaasahan nila na sa kauulit ng kanilang mga kasinungalingan, makukundisyon ang isipan ng publiko na tanggapin nang buung-buo ang mga nilulubid na kwento ng AFP.

Ang paglulubid ng istorya ay kadalasang ginagawa sa pinakamatataas na antas ng pamunuan ng militar, tulad ng brigada, dibisyon at mga regional unified command, kundiman sa pambansang kumand ng buong AFP.

Noong Hulyo 4, 2003, pinalabas ni Maj. Gen. Alfredo Braganza, hepe ng 7th ID na di bababa sa tatlong mandirigma ng BHB ang namatay at marami pa ang nasugatan nang magkalabanan ang isang yunit ng BHB at ang mahigit 80 tropa ng 79th IB at pulis sa Barangay Batang II, Sasmuan,

Pampanga. Ang totoo, ang larawan umano ng mga Pulang mandirigma na ipinakita sa midya ay retrato ng bangkay ng dalawang sundalong namatay sa labanang iyon. Ang ikatlo, na tinamaan umano habang tumatakas, ay bangkay ni Mauricio Miranda, 40, isang mangingisdang taga-Sa-

pang Kawayan, Masantol, Pampanga na nasugagaan ng mga sundalo sa ilog habang papauwi ito sa kanilang bahay. May ilang oras nang namamahinga sa ligtas na lugar ang mga mandirigmang hindi man lamang nagalusan sa labanan nang marinig nilang paputukan si Miranda at dalawa pa niyang kasama. Kinulimbat ng mga sundalo ang kanilang nahuling isda at ang nawasak nilang bangka ay itinago sa mga mama-

"Pagsisinungaling...," mula sa pahina 5 mahayaq.

Mas grabe pang pambabaluktot ang ginawa ng 5th ID sa labanang naganap sa Sityo Curawitan, Barangay Binatog, San Mariano, Isabela noong Oktubre 25, 2003. Ayon sa 5th ID, anim na mandirigma ang namatay sa labanang ito. Ang totoo, 22 sundalo ang napatay at dalawa ang malubhang nasugatan sa dalawang oras na labanan. Halos malipol ang kabuuang bilang na 33 sundalo mula sa 53rd Recon Coy at 45th IB.

Muling dinulutan ng BHB ng malaking kaswalti ang parehong mga yunit nitong Marso 19, 2004 nang siyam na sundalo mula sa 15-kataong nagpapatrulyang tropa ng AFP ang napatay sa Barangay Dicamay Uno, Jones, Isabela.

Noong Marso 14, nagyabang si Col. Roland Rodriguez, deputy chief ng 1st ID, na walang kaswalti ang 10th IB nang makipaglaban ito nang mahigit dalawang oras sa BHB sa Lower Bautista, Sapang Dalaga, Misamis Occidental. Ang totoo, di bababa sa apat na sundalo ang napatay at tatlo ang nasugatan sa labanang tumagal nang humigit-kumulang 45 minuto.

Sa Eastern Visayas, ang pinuno naman ng 8th ID na si Maj. Gen. Glen Rabonza ang nagyabang na pito umanong gerilya ang napatay nang salakayin ng 20th IB ang isang kampo ng BHB sa Barangay Palanit, San Isidro, Northern Samar noong Mayo 5. Ang totoo, anim hanggang walong sundalo ang napatay at lima ang nasugatan samantalang wala ni isang kaswalti ang BHB.

Sa Southern Tagalog, iniulat ni Maj. Jose Broso, public information officer ng Southern Luzon Unified Command, na iisang sundalo ang namatay at tatatlo ang nasugatan sa pagsalakay ng 74th IB sa isang yunit ng BHB sa Barangay Nanadiego, Mulanay, Quezon noong

Hunyo 16 habang hindi raw mabilang ang kaswalti ng BHB. Ang totoo, 15 tropa ng kaaway ang namatay at di mabilang ang nasugatan sa labanang ito. Isang mandirigma ng BHB ang nagbuwis ng kanyang buhay.

Sa ibang pagkakataon naman, sa sobrang kahihiyan ay tinatangkang itago ng AFP na may naganap ngang labanan. Subalit sumisingaw din ang balita kalaunan.

Sa Western Visayas, una'y tumahimik lamang si Brig. Gen. Jeffrey Sodusta, hepe ng 303rd Brigade, tungkol sa labanan noong Hunyo 12 sa Guihulngan, Negros Oriental. Di nagtagal, buong paghahambog niyang sinabi na isang

Laking pagkakamali ng AFP sa pagsamba nito kay Goebbels. Halata agad ang pagmamaliit nito sa kakayahan ng mamamayan na mag-isip at magsuri.

sarhento lamang ang namatay subalit "malaking bilang" ng mga mandirigma ang napatay at nasugatan sa pagsalakay ng 11th IB sa isang kampo ng BHB. Ang totoo, walo ang patay at pito ang sugatan sa hanay ng kaaway, at isang mandirigma ang namartir.

Sa North Central Mindanao, tumangging maglabas ng pahayag noong una ang 401st Brigade nang makipaglaban ang mga tropa ng 41st at 42nd Scout Ranger Coy sa isang yunit ng BHB nitong Agosto 5 sa Sityo Balacatan, Guinabsan, Buenavista, Agusan del Norte. Ito'y dahil lumabas na talo ang AFP kahit ito ang sumalakay at ang labanan ay naganap malapit lamang sa Training Area ng 4th ID sa Mayapay, Buenavista. Kalaunan, ipinahayag ng 401st Bde na limang sundalo ang napatay habang napaka-

raming patay at sugatan sa panig ng BHB na patuloy pa rin daw nilang tinutugis. Ang totoo, walong tropa ang napatay at siyam na malalakas na armas ang nasamsam ng BHB mula sa kaaway. Isang Pulang mandirigma ang namatay sa labanan.

Isa sa pinakahuling lantarang pagsisinungaling ng AFP ang diumano'y paqduroq na raw nito sa rebolusyonaryong kilusan sa Camarines Sur. Sa desperasyon nitong maghanap ng pambawi sa matagumpay na pananambang ng BHB sa 42nd IB noong Marso 1 sa Barangay Bataan, Tinambac, Camarines Sur kung saan tatlong tropa ang namatay at dalawang sundalo ang naging bihag ng digma, di bababa sa 15 nang mga di armadong sibilyan ang sinasalbeyds ng militar sa mga bayan ng Tinambac, Goa at Lagonoy sa naturang prubinsya mula noon. Samantala, matapos itong tumanggi nang ilang buwan na makipag-usap sa NDFP para sa maayos na pagpapalaya ng mga bihaq, tahasan namang itinatwa nina Lt. Col. Daniel Lucero, tagapagsalita ng AFP at Defense Secretary Eduardo Ermita, ang mga kasunduang narating ng dalawang panig noong Hulyo, partikular tungkol sa pagpapatupad ng SOMO sa Albay at Camarines Sur. Dahil dito, ilang beses na naipagpaliban ang aktwal na pagpapalaya.

Laking pagkakamali ng AFP sa pagsamba nito kay Goebbels. Halata agad ang pagmamaliit nito sa kakayahan ng mamamayan na magisip at magsuri. Gayundin ang pananaw ng AFP sa mamamayang Pilipino—mga mangmang, hindi mapanuri at napakadaling utuin. Subalit pakaulit-ulitin man ng AFP ang mga nilulubid nitong istorya, wala itong maaakit o malilinlang mula sa mamamayang nakababatid ng katotohanan. Bagkus, mga mulat na mamamayan ang matatag na naninindigan at lumalaban.

Ang rebolusyonaryong peryodismo, ayon kay Manong Tony Zumel

Si Antonio Zumel, isa sa pinakamahuhusay na rebolusyonaryong peryodista, ay mas kilala bilang "Manong" ng laksa-laksang mga aktibista at rebolusyonaryo. Nitong Agosto 10, sa ika-72 anibersaryo ng kanyang kapanganakan, inilunsad ng mga kasama, kapamilya at sarisaring kaibigan ng rebolusyonaryong kilusan ang Antonio Zumel Foundation. Kasabay nito, inilunsad rin ang isang koleksyon ng kanyang mahahalagang sulatin mula pa noong dekada 1960.

Tampok sa paggunita sa buhay ni Manong ang kanyang kontribusyon sa rebolusyonaryong peryodismo at sa rebolusyonaryong gawaing propaganda sa pangkalahatan.

Mataas ang pagpapahalaga ni Manong sa mga "datos" o sa kongkretong kalagayan at kongkretong karanasan ng mamamayan. Ito rin ang palagi niyang paalala sa mga manunulat at sinumang nasa gawaing rebolusyonaryong propaganda. Ayon kay Prof. Carolina "Bobbie" Malay ng UP College of Mass Communications at dating kakolektibo ni Manong sa Ang Bayan, importante ang mga datos para maging epektibo and rebolusyonaryond propaganda. Bilang editor ng upisyal na pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas, laging idinidiin ni Manong sa mga manunulat ng AB ang kahalagahan nito dahil, aniya, nakikipaglabanan tayo para sa damdamin at isipan ng mamamayan.

Dapat palaging alalahanin na babad sa sarisaring propaganda ng kaaway ang masa. Palaging idinidiin ni Manong na dapat maging mas mahusay at mas matalas ang mga rebolusyonaryong pahayagan tulad ng Ang Bayan, Liberation (at noon, ang Balita ng Malayang Pilipinas), kaysa sa reaksyunaryong mga babasahin.



punto ang estilo ng pagsusulat ni Manong. Wala itong mga salitang "fancy" at paliguy-ligoy para madali itong maunawaan ng malawak na masa, laluna ng uring anakpawis na siyang pangunahing target ng mga rebolusyonaryong pahayag at pahayagan.

Bago pa man siya naging rebolusyonaryong propagandista, natutunan ni Manong ang pagpapahalaga sa mga datos nang nagsisimula pa lamang siyang magtrabaho sa pahayagan bilang tagatimpla ng kape at dyanitor hanggang sa maging reporter siya noong maagang bahagi ng dekada 1950. Kabilang sa positibong katangian ng pagiging reporter na nadala ni Manong sa rebolusyonaryong peryodismo ang pagpapahalaga at paggalang sa dedlayn.

Nangangahulugan ng kolektibong pagsusulat ang gawaing rebolusyonaryong peryodismo. Natutunan ito ni Manong nang simulan nila ni Rep. Satur Ocampo ng Bayan Muna noong 1971 na ilabas ang Tingga, isang pahayaqan para sa mga manggagawa ng mga pahayagan. Si Manong ang pangulo noon ng National Press Club habang si Ka Satur naman ang pangalawang pangulo. Lumalim at napaunlad pang lalo ang gayong kolektibong diwa ng pagsusulat nang pumaloob na si Manong sa rebolusyonaryong kilusang lihim makaraang ideklara ang batas militar noong Setyembre 1972.

Hindi nagtapos ang buhay ni Manong nang mamatay siya dahil sa isang malubhang karamdaman noong Agosto 13, 2001. Nagpapatuloy ang kanyang impluwensya sa rebolusyonaryong kilusan sa iba't ibang larangan. Gayundin, nabubuhay ang kanyang diwa sa bawat peryodistang nagmamahal ng katotohanan, kalayaan at demokrasya.

Katulad ng palagi niyang idinidiin, hindi pa natatapos ang pagsusulat tungkol sa pakikibaka ng sambayanang Pilipino at ng uring anakpawis. Nagpapatuloy ito habang nagmamartsa ang kasaysayan tungo sa ibayo pang tagumpay.

Para sa mas malalim pang pagtalakay sa buhay ni Kasamang Antonio "Tony" Zumel, basahin ang koleksyon ng kanyang mga sulatin at panoorin ang 50-minutong bidyo-dokumentaryong gawa ng Kodao Productions, "He Never Wrote '30': A glimpse into the life of Tony Zumel."

Panunuhol at pambabraso sa WTO

a pamamagitan ng panunuhol at pambabraso, epektibo nang naigpawan ng imperyalismong US at European Union ang mabuway na pagtutol ng mga bansa sa mga dikta nito sa World Trade Organization (WTO). Nitong Hulyo 31, pinirmahan ng General Council ng WTO ang isang kasunduang ipinangangalandakang muling magtutulak sa nadiskaril na usapang pangkalakalan.

Matatandaang bumagsak ang negosasyon sa WTO noong Setyembre 2003 sa Cancun, Mexico nang magpumilit and US at EU na ipatupad ang ibayong liberalisasyon sa agrikultura at palawakin ang saklaw ng WTO. Iniluwal sa Cancun ang Group of 20 o G20, isang alvansa ng malalaki at maliliit na bansa at mga neokolonyang nakasandig pangunahin sa produksyong agrikultural. Isinisisi ng US at EU ang pagbagsak ng usapan sa Cancun sa G20 kahit pa ang totoo'v ang mga ministro nila ang nagsuspinde sa mga negosasyon nang maging malinaw na hindi matitinag ang pusisyon ng G20 sa usapan.

Susi sa pagkakabuo ng pinakabagong kasunduan ang pagsangayon ng Brazil at India sa masasamang probisyon nito. Ang mga bansang ito ang itinuturing na nangunguna sa G20 at susi ang kanilang pagsang-ayon sa pagkumbinsi ng nakararaming maliliit na bansa.

Inimbita ng US at EU ang Brazil at India na pumaloob sa ekslusibong usapan upang magbalangkas ng kasunduan. Kasama ang Australia, binuo nila ang "five interested parties" o FIPS na siyang nagtakda sa direksyon ng usapang pangkalakalan hanggang sa susunod na pagpupulong ng WTO sa 2005.

Nagbabadyang pagkabuwag ng G20

Ang tanging naabot sa pinakahuling kasunduan ay ang napipintong pagkabuwag ng pagkakaisa ng G20 sa harap ng walang awat na pagmamaniobra ng US at EU. Ang pagpasok ng Brazil at India sa kasunduan ay pinakahuli lamang sa mga taktikang ginamit ng mga imperyalistang bansa. Bago pa man ito, puspusan na ang mga maniobra ng mga imperyalista upang brasuhin ang iba pang bansa na umalis sa pormasyon.

Pagkatapos ng Cancun, binantaan ng US ang mga bansa sa Latin America na tatanggalin nito ang

> maliliit pribilehiyong pangkalakalan kung hindi sila hihiwalav G20. Dahil dito, umalis sa pormasyon Guateang Ecuamala, dor, Peru. Costa Rica at Colombia. Ginagamit din ng US ang ayudang ibi

nibigay nito sa mga bansang desperado upang makakabig ng mga kakampi. Nagbanta pa ang US na haharangin nito ang mga pautang at hindi ito magbibigay ng mga palugit sa pagbabayad ng utang kung patuloy na tatanggi ang mga bansa sa G20 na sumunod sa kanilang kagustuhan.

Tagumpay ng US at EU

Walang pinagkaiba ang pinakabagong kasunduan sa itinutulak na adyenda ng US at EU noon sa Cancun kapwa sa isyu ng ibayong liberalisasyon sa agrikultura at pagpapalawak ng saklaw ng WTO. Sentro sa mga negosasyon ang paqbabawas ng minimum na 80% sa mga taripa at subsidyong agrikultural. Ang pagbabawas na ito ay itinulak na ng US at EU noon pang 1999 nang malapit nang magtapos ang implementasyon ng Uruquay Round ng General Agreement on Tariffs and Trade. Sa dalawang pagkakataong ipinilit ito ng US at EU (una sa Seattle at pangalawa sa Cancun), bumaqsak ang mga negosasyon dahil sa matindi at malawak na pagtutol ng mamamavan.

Wala ring bago sa pagtanggi ng US at EU na bawasan ang subsidyo sa sariling mga produktong agrikultural. Nakasaad sa bagong kasunduan na maaaring magdeklara ang mga bansa ng mga produktong "sensitibo" upang iligtas ang mga ito sa paqbabawas ng subsidyo. Kaagad na idineklara ng US na sensitibo ang kanilang produktong asukal at tumangging ibaba ang matataas na taripang ipinapataw sa inaangkat nitong asukal. Tumanggi rin ang EU at Australia na ibaba ang taripa sa inaangkat na trigo, produktong mula sa gatas at iba pang produktong agrikultural ng kani-kanilang mga bansa.



Kontrol sa langis ang tunay na pakay

akam na takam ang gubyerno ni George W. Bush sa langis ng Sudan kaya nagkakandarapa ito sa kunwaring paglutas sa kaguluhang nagaganap ngayon sa bansang iyon.


Pinalalabas ng gubyernong Bush na layunin lamang nito na matapos ang kaguluhan sa Darfur, Sudan at mapawi ang mga paglabag sa karapatang-tao ng mga Darfurian. Isinasangkalan din ng US na ang Sudan ay pinamumugaran ng mga teroristang grupo. Subalit malinaw na ang totoong pakay ng US ay ang makontrol ang industriya ng langis sa Sudan. Walang pinagkaiba ang pakikialam na ito ng US sa naganap na pag-okupa sa Iraq nang dahil sa langis at sa Afghanistan kung saan may nakaplanong ilatag na oil pipeline na tatagos sa bansa.

Napakahalaga para sa US na makuha ang langis ng Sudan dahil kailangan nito ng alternatibong mapagkukunan ng langis. Sa Middle East, kung saan signipikanteng tagasuplay ng langis ng US ang Saudi Arabia at Kuwait, nananatiling mataas ang tensyong dulot ng patuloy na paglaban ng mga armadong militanteng Iraqi sa mga pwersa ng US sa Iraq. Sa Saudi Arabia, napapatigil ang operasyon ng mga kumpanya ng langis dahil sa pag-atake ng mga anti-US na grupo.

Inaangkat ng US ang 60% ng kabuuang kino-konsumong langis nito bawat taon.

Ayon sa mga kinatawan ng Sudanese Energy Ministry, mayroong napatunayang 700 milyong bariles ang Sudan at tinatayang mayroong kabuuang 300 milyong bariles na reserba ito. Nais ng US na maagaw at makontrol ang langis sa bansa na sa ngayon ay hawak ng mga kumpanyang Lundin Oil ng Sweden, Petronas ng Malaysia, China National Petroleum Company ng gubyerno ng China, OMV ng Austria, Qatari Gulf Petroleum Company, TotalFina-Elf ng France, ONGC Videsh Ltd. ng India at Sudapet ng gubyerno ng Sudan.

Bukod sa planong pagkontrol sa langis ng Sudan, balak ng US kapag humupa na ang kaguluhan sa Iraq, na dugtungan ang oil pipeline mula Arabian Gulf, na idadaan sa daungan ng Yanbu sa Saudi Arabia tungong Arous sa Sudan na tatagos sa Darfur at tutuloy sa Chad at dadaloy patungong Atlantic Ocean.



Ang Darfur ay isang rehiyon sa kanlurang bahagi ng Sudan, isang bansa sa Northeastern Africa.

Sa kabila ng pagkakaroon na ng kasunduan hinggil sa pagpapatigil sa kaguluhan sa Sudan sa pagitan ng gubyerno nito at ng United Nations na pinirmahan noong Abril 8, pinangunahan ng US ang paglalabas ng isang resolusyon na inaprubahan ng UN Security Council. Ayon sa kasunduan, iniuutos sa gubyerno ng Sudan ang pagdisarma sa grupong naghahasik ng kaguluhan sa Darfur at pagpapatigil sa pang-aatake nito sa loob ng 30 araw. Kung hindi ay haharap ang gubyerno sa mas mabigat na aksyon.

Hindi tinanggap ng Sudan ang resolusyon sa pagsasabing taliwas ito sa nauna nang pakikipagkasundo sa UN. Nagbabala ang US ng pang-ekonomyang embargo, na kung tutuusin ay lalong magpapahirap sa mga *refugee* sa Sudan.

Patuloy ang pagpapel ng US sa kaguluhan sa Darfur. Patuloy ito sa panggigipit sa gubyerno ng Sudan, hindi upang isalba ang milyun-milyong mamamayan sa Darfur at makamtan ang kapayaapan, kundi upang mapasakamay at madambong ang langis na inaasam.



Ang matinding kaguluhan sa Darfur

Mayroong dalawang pangunahing grupo sa Darfur na humahamon sa gubyerno ng Sudan. Ang mga ito ay ang Sudanese Liberation Army (SLA) at ang Justice and Equality Movement (JEM). Nilalabanan ng SLA ang diskriminasyon at pang-aapi ng gubyerno sa mga Darfurian at pagkampi nito sa minoryang populasyong Arabo ng Sudan. Matagal nang may tensyon sa Darfur hinggil sa lupa sa pagitan ng mga Arabong *nomadic* at ng mga magsasakang Itim.

Noong Abril 2003 ay sinalakay ng SLA at JEM ang ilang instalasyong gubyerno sa Darfur. Dahil sa matinding kahihiyang tinamo ng gubyerno ni Pres. Omar al-Bashir sa pag-atake ng mga rebelde, naglunsad ito ng ganting-salakay. Subalit hindi ang SLA at JEM ang inatake nito kundi ang mamamayan sa Darfur. Bukod sa pambobomba ng mga eroplano, pinakikilos ng gubyerno ang mga milisyang Arabong tinatawag na Janjaweed. Kilala ang Janjaweed sa pagpapatupad ng patakarang "scorched earth" o panununog sa mga pamayanan at pagtataboy sa mamamayan sa lugar. Pinapatay nila ang kalalakihan, ginagahasa ang kababaihan, ninanakaw ang mga ari-arian at sinusunog ang buu-buong kabahayan.

Ayon sa mga pagtaya, umaabot na sa 50,000 mamamayan ang napapatay. Umaabot naman sa dalawang milyong Darfurian, mula sa tinatayang populasyon nitong 6 milyon, ang nagsilikas. Ang 125,000 nito ay nagsipunta sa kanugnog na bansang Chad.

Kulang na kulang sa pagkain, tubig at gamot ang mga nagsilikas. Sa ngayon, 20% ng batang refugee ay biktima ng malnutrisyon. Marami sa kanila ang namamatay sanhi nito at ang iba naman ay dahil sa mga sakit tulad ng diarrhea.

Kahit sa mga kampong pinuntahan ng mga nagsilikas, umaali-aligid ang mga myembro ng Janjaweed at pinapatay ang kalalakihan at ginagahasa ang kababaihang napapalayo dahil sa pag-iigib o paghahanap ng panggatong.

Nitong nakaraang mga linggo, sa halip na lusawin ang Janjaweed, tinatanggap ng gubyerno ni al-Bashir ang mga elemento nito sa grupong paramilitar na Popular Defence Force (PDF) at sa pulisya. Sangkot din ang PDF sa panggugulo sa mamamayang Darfurian.

11 sibilyan, napatay sa pambobomba

HINDI bababa sa 11 sibilyang Moro ang napatay at di mabilang ang sugatan sa walang pakundangang pambobombang isinagawa ng AFP sa pinaghihinalaang kuta ng bandidong Pentagon Gang noong Agosto 13 sa Liguasan Marsh. Dalawang eroplano ng OV-10 at apat na M520 *helicopter gunship* ang umatake sa Barangay Midpandakan, Salipada K. Pendatun, Maguindanao at Barangay Pambalayan, Lambayang, Sultan Kudarat.

Ang mga sibilyan ay napatay nang tamaan ng mga bomba ang isang moske at limang kabayahan sa Barangay Midpandakan. Kabilang sa mga biktima ang anim na bata. Mahigit 200 pamilya ang nagsilikas bunga ng operasyong militar na ito. Marami ring bahay ang napinsala sa pambobomba.

People's Caravan laban sa Balikatan, inilunsad

BILANG pagpapakita ng malawakang pagtutol at pagkundena sa lumalalang panghihimasok ng imperyalistang US sa Pilipinas, at partikular, sa Mindanao, inilunsad ng mga progresibo at demokratikong grupo rito ang dalawang araw na People's Caravan for Peace and Sovereignty. Dinaluhan ito ng mahigit 10,000 mamamayan at 120 behikulo. Nagsimula ang *caravan* sa Davao City at nagtapos sa bayan ng Carmen, North Cotabato noong Agosto 13.

Binatikos ng mga nagpuprotesta ang US sa mapanlinlang na patakaran nitong *permanenttemporary* na pag-ookupa sa bansa. Hindi man tuwirang inaamin, aktwal na ginagamit ng US ang buong Mindanao bilang mistulang base militar.

Hugo Chavez, nanalo sa *recall referendum* sa Venezuela

PINASINUNGALINGAN ng pagkapanalo ni Hugo Chavez, presidente ng Venezuela, ang ipinagkakalat ng kanyang mga kalaban na gusto ng malaking mayorya ng mga Venezuelan na patalsikin siya sa poder. Isinalang ang pagkapresidente ni Chavez sa isang recall referendum noong Agosto 15 kung saan 59% ng mga bumoto ang nagpahayag ng kagustuhang manatili pa siya bilang presidente. Ayon sa mga international observers na sumubaybay sa referendum, lehitimo ang resulta nito at wala silang nakitang ebidensya ng pandaraya. Si Chavez ay kilala sa kanyang anti-US na paninindigan, laluna sa paglaban niya sa pagtatangka ng US na kontrolin ang industriya ng langis sa Venezuela.



Taon XXXV Blg. 16 Agosto 21, 2004 www.philippinerevolution.org

Editoryal

Makatao ang pangangalaga ng BHB sa mga prisoner of war

pinamalas ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) and mataas na disiplina bilang rebolusyonaryong hukbo sa kakayahan nitong mahusay na alagaan ang mga bihag ng digma (POW o prisoner of war) at sa ligtas at maayos na pagpapalaya sa kanila nitong Agosto 18.

Sa loob ng halos anim na bu-

Nemeño

wan, inalagaan at iginalang ng

Romulo Jallores Command (RJC)

sina Lt. Ronaldo Fidelino at

Ronnel

alinsunod sa mga ali-

tuntunin ng BHB,

mga batas ng rebo-

Pfc.

lusyonaryong gubyernong bayan, mga kaukulang probisyon ng Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL) at

mga pandaigdigang alituntunin sa digmaan kabilang ang Geneva Conventions.

Matapos sila mabihag, inilinaw agad ng RJC kina Fidelino at Nemeño ang kanilang mga karapatan alinsunod sa mga alituntu-

nin ng BHB. Sa abot ng nakaya ng RJC, tiniyak nito na maayos ang kalusugan, pagkain at kundisyon ng dalawa sa lahat ng pagkakataon. Sinikap din ng RJC na agad silang mapalaya.

Ang makataong pagtrato ng BHB sa mga POW ay taliwas sa patakaran at gawi ng teroristang imperyalismong US at rehimeng Arroyo na walang pakundangang lumalapastangan sa mga karapatang-tao at sa mga batas ng digmaan.

Ang mga Pulang mandirigmang hors de combat (wala na sa katayuang lumaban) na nahuhuli ng

> AFP sa labanan ay karaniwang tinotoryur at tuluyang pinapatay. Ang mga binubuhay ay itinuturing at tinatratong parang hayop. Sinasampahan sila ng mga kasong kriminal at ilang taong ibinibimbin sa mga di makataong kundisyon sa loob ng masisikip na kulungan.

Ang mahusay na pangangalaga at maayos na pagpapalaya ng BHB sa mga POW ay isang

aktong taliwas sa terorismo. Alin-

Mga tampok sa isyung ito...

Mahigit 100 kaso, isinampa sa JMC

PAHINA 3

Sistematikong pagsisiinungaling ng AFP

PAHINA 5

Panunuhol at pambabraso sa WTO

PAHINA 8

Mga instruksyon sa paglilimbag

- **1.** Ang sinundang pahina, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapusyaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.
- **2.** Pag-*print* sa istensil:
 - a) Sa print dialog, i-check ang Print as image
 - b) Alisin ang check sa Shrink oversized pages to paper size
 - k) I-click ang Properties
 - d) I-click ang Advanced
 - e) Tiyaking naka-set sa 100% ang Scaling
 - d) Ituloy ang pag-print
- **3.** Hinihikayat ang mga kasama na ipaabot sa patnugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa *angbayan@yahoo.com*

Mga	tampo	k sa
isyuı	ıg ito	•

Title dito PAHINA X

Title dito PAHINA X

Title dito PAHINA X